

1

“Ulitin mo nga ang sinabi mo, Alexandra?” nagulantang na bulyaw ni Benjamin, ang kanyang ama. Halos mapatid ang mga litid nito sa leeg dahil sa ibinalita niya.

“I said I’ve changed my mind. Ayoko nang magpakasal kay Juancho,” kaswal na tugon niya na para bang umayaw lamang sa isang piraso ng candy.

Nanlaki ang mga mata nito. “What! No, Alexa, you can’t do this!” muling singhal nito.

Napailing naman ang kanyang ina na si Lourdes na katabi nito sa dining table nang gabing iyon.

“Pa,” palatak ni Alexa, “you’re overreacting! Hindi ba mas okay nga iyon? Habang maaga, na-realize ko na hindi ko pala siya mahal!”

Namumula ito sa galit nang ibagsak nito sa pinggan ang kubyertos na hawak.

“Na-realize mo nang maaga?” Napatayo ito pagkatapos idiin ang huling salita. “Goodness, Alexa! Everything has been set already! Araw na lang ng kasal ninyo ang hinihintay ng lahat! Naipamigay na rin ang

invitations!”

“Ben, please...” pakiusap ni Lourdes nang makita ang hitsura ng asawa na halos ma-high blood dahil sa anak.

“Pa, what do you want me to do? Magpakasal sa kanya pagkatapos ano? Para pagsisihan ko lang habambuhay?” depensa ng dalaga.

Pinalo ni Benjamin ang mesa na ikinapatda ng dalawang kaharap. “Talaga bang sagad na sa balat ang kasutilan mo, Alexandra?”

“Anak, ano na lang ang sasabihin sa atin ng pamilya ni Juancho? Nakakahiya pati na rin sa mga imbitado,” sabi ng kanyang ina.

“Kaya nga ngayon pa lang ay sinasabi ko na sa inyo para hindi nakakahiya kung tatanggihan ko sa mismong harap ng altar si Juancho,” pangangatuwiran niya.

“Aba’t...! Talagang ginagalit mo ako!” Akmang sasampalin na siya ng ama nang pigilan ni Lourdes ang kamay nito.

Napapailing na parang bale-wala na ibinaling ni Alexa ang pansin sa pagkain.

“Hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko sa

anak mo, Lourdes! Kung puwede lang isama sa mga mongha iyan, matagal ko nang ginawa! Beinte-uno na, napakairesponsible pa at ang kitid ng utak!” sigaw ni Benjamin. Parang sumisikip ang dining area sa taginting ng boses nito.

“Ben, pabaya na lang natin si Alexa. Wala tayong magagawa kung hindi na niya mahal si Juancho,” pakiusap ng esposa.

Umigkas ang isang kamay nito. “Kaya naging spoiled iyan dahil sa kakukunsinti mo! Tingnan mo ngayon, tayo ang pinahihirapan!”

Sa loob ng unang tatlong taong pagsasama ng mag-asawa, hindi pinalad na magkaanak ang mga ito. Kaya nang dumating si Alexa sa buhay nina Lourdes at Benjamin, pinagbigyan ng mga ito kahit ang pinakamaliit na kapritso ng anak. Lumipas ang maraming taon hanggang dumating sa puntong wala nang pinakikingan si Alexa.

Pinukol ng masamang tingin ni Benjamin ang dalaga. “Hindi isang laro ang pag-aasawa, Alexandra! Huwag mong ilagay sa kahihyan ang pamilya natin!”

Nagbuntong-hininga siya. “Kaya ko nga ginagawa ito, Pa, para iiwas kayo sa kahihyan pero hindi ninyo ako maintindihan!”

Halos umusok ang bumbunan nito sa galit nang sabihin niya iyon. “Sa halip kasi na negosyo natin ang pinag-aaralan mo, puro pagbubulakbol ang inaatupag mo! Pagkatapos, bigla kang susulpot dito at sasabihin mong nakipagkasundo ka ng kasal sa isang lalaking kahit minsan ay hindi umakyat ng ligaw dito sa bahay!”

Napangiwi ang mukha ni Alexa sa inis. “Eh, malay ko ba na infatuation lang ang naramdaman ko sa kanya? Saka hindi ba dapat matuwa kayo dahil umuurong na ako sa kasal?”

“Infatuation is a thing for teenagers! Ang sabihin mo, you’re irresponsibly impulsive with your actions! Alam mo ba ang pinasok mo? Commitment, Alexa! A lifetime commitment! Pagkatapos ngayon ay bigla kang magbabago ng desisyon na parang isang bagay lang iyon na puwedeng ayawan kapag nagsawa ka na?”

Umikot ang mga mata ni Alexa na parang kaedad lamang niya ang kausap.

“I know, I know! Kaya nga ako umaatras because I’ve just realized that I’m not ready for that stupid kind of thing!”

Napaupo si Benjamin sa silyang inupuan kanina. Naisabunot nito ang mga daliri sa buhok dahil sa

katuwiran ng anak. “And now you call it stupid?”

“And what am I going to call it? A blessing?”

“Huwag kang pilosopo!”

“I’m not! You’re the one pushing me to be cynical!”

“Stop it, Alexandra!”

“Okay!” lukot ang mukha na tugon niya.

Natahimik ang matandang lalaki. At nang mag-angat ng ulo, sinipat nito ng masamang tingin ang asawa. “Hindi ko alam kung kanino nagmana ng ugali ang batang iyan!”

“Huwag mo akong tingnan nang ganyan, Benjamin! Nahaluan din ng dugo mo si Alexa!” napikon na depensa ng ginang.

“Sino ba ang nag-spoil diyan?” buwelta ng lalaki.

Nagsalubong ang mga kilay ni Lourdes. “Aba, huwag mong isisi sa akin lahat kung bakit nagkaganyan iyang anak mo! Malaki rin ang kinalaman mo kaya tumigas ang ulo niyan!” ganting sabi nito.

Muling natahimik ang kanyang ama. Sandaling naging blangko ang paningin nito, tila nag-iisip nang malalim.

“Gusto kong makausap si Juancho at ang mga magulang niya,” pagkuwan ay saad nito nang makaapuhap ng desisyon.

May pag-aalala sa mukha ni Alexa nang sabihin nito iyon. “Pero, Pa, ayaw ko na siyang makita! Siguradong hindi sila papayag na hindi matuloy ang kasal!” aniya.

“Expect the worst, Alexandra! Hindi simpleng bagay ang ipapakiusap natin sa kanila! After all the time and effort that they worked out to make the wedding well-planned, sasabihin nating hindi na matutuloy dahil ayaw mo na! Sa tingin mo ba, madaling sabihin iyon?”

“Pero—”

“Hindi ko kayang maging bastos, Alexandra, at basta na lang tatalikuran ang isang bagay na napakaimportante sa ibang tao! Kaya bukas na bukas din ay tawagan mo si Juancho. Sabihin mong isama niya ang kanyang mga magulang pagpunta rito, maliwanag?” matigas ang boses na utos nito.

Padaskol na binitiwang niya ang kubyertos na hawak at padabog na lumabas ng dining room.

“Alexa! Bumalik ka rito!” Halos maputol ang hininga ni Benjamin sa pagsigaw niyon. Ngunit parang

wala siyang narinig.

Kinabukasan, patakas na nilisan ni Alexa ang bahay nila sa *Dela Costa Homes* sa Fairview.

Hikab siya nang hikab habang mabilis na minamaneho ang kanyang blue violet *Hyundai Accent* nang umagang iyon patungong Nueva Ecija, ang bayan na kinalakhan ng ama niya.

Nag-aalinlangan man, iyon ang alam niyang paraan upang takasan si Juancho. Sa katulad niyang sanay sa buhay sa siyudad at tadtad ng kapilyahan ang utak, hindi madali para sa kanya ang manatili sa bahay ng kanyang Tiya Carmen, ang nakababatang kapatid ng ama.

Bata pa lang siya, ayaw na niyang nakikita kahit ang anino ng tiyahin. Takot na takot siya rito at ang iba pa niyang mga pinsan.

Matandang dalaga kasi ito at sobrang istrikta. Daig pa nga yata nito ang robot dahil sa de-numerong kilos. Pati mga gawaing-bahay ay inoorasan nito na kapag hindi iyon natapos sa eksaktong oras ay nagtatatalak na ito. Tuloy, walang makatagal na kasambahay sa tiyahin.

Mag-a-alas-diez na ng umaga nang marating niya ang bayan ng San Isidro. Napakatahimik doon, mayroon pa palang lugar na ganito. Suddenly, a fine tap of the cool wind on her shoulders made her feel somewhat at home.

Ilang sandali lamang ay naroon na siya sa tapat ng bahay ni Tiya Carmen. It was an old up-and-down house na isang larawan ng payak at tahimik na pamumuhay.

Sinipat niya iyon at hindi niya napigilan na mapabuntong-hininga. Naroon pa rin ang pamilyar na takot sa dibdib ni Alexa na malimit niyang maramdaman noon.

Bigla niyang naalala ang Diyos nang mga sandaling iyon. Ano ba talaga ang kailangan niyang ipagdasal—ang makatagal siya rito o ang tiyahin ang makatagal sa ugali niya?

Whatever, napailing na sabi ng utak ng dalaga.

Pinatay niya ang makina ng sasakyan at umibis mula roon. Sa laki ng tarangkahan niyon, imposibleng marinig kaagad sa loob ang katok niya kaya inapuhap niya ang makalumang doorbell sa gilid ng pader ayon sa pagkakatanda niya. Natatabunan na pala iyon ng malalagong halaman. Pinindot niya iyon nang sunud-

sunod.

Habang naghihintay, muli niyang binigyang-pansin ang kabuuan ng bahay mula sa labas. Maraming bagay ang pumasok sa isip niya; bahay-ampunan, kumbento, piitan.

Hindi yata niya kayang tumira roon kahit isang saglit. Pakiramdam niya ay hindi siya makahinga. Marami ngang puno at halaman sa paligid niyon, ngunit parang hindi nakakapasok ang sariwang hangin.

Marahil kung nagkataong isa siyang takas na kriminal mula sa bilangguan, maaari pa. Sa katunayan, puwede rin iyong pagtaguan ng mga taong hinahabol ng mga pinagkakautangan o kaya ay pagkublihan ng mga babaeng sawi sa pag-ibig at sumumpang hindi na muling magmamahal hanggang kamatayan.

Umandar ang pagiging pilya ni Alexa. *Brokenhearted kaya si Tiya Carmen kaya galit sa mundo?*

Naputol lamang ang mga iniisip niya nang marinig niyang may nagtatanggal ng padlock ng tarangkahan.

Napatunganga siya nang bumungad si Tiya Carmen. Tinuka yata ng langkay-langkay na uwak ang puso niya nang makita ito. Napahawak siya sa dibdib. Kahit pala ilang taon na siyang hindi naligaw

sa lugar na iyon, hindi pa rin nagbabago ang epekto ng presence nito sa kanya.

“M-mano po, T-Tiya Carmen.” Napilipit ang kanyang dila nang abutin niya ang kamay nito.

Hindi siya kaagad tinugon nito. Pinagmasdan lamang siya nito mula ulo hanggang paa. Napalunok si Alexa. Pakiramdam niya ay nalaglag ang panga niya sa talampakan dahil sa ginawa nito.

“Hindi ko inaasahan ang pagdating mo. Anong hangin ang nagtaboy sa 'yo rito?” walang kangitingiting sabi nito, sabay talikod. “Pumasok ka.”

Sumunod siya rito, hila ang traveling bag. *Astig talaga*. Hindi niya napigilang mag-isip nang gayon dahil sa reaksiyon nito nang makita siya.

2

Napabalikwas ng bangon si Alexa dahil sa nakakatulig na tunog ng sirena ng bumbero. Nagmamadaling sumilip siya sa bintana sa pag-aakalang may nasusunugan.

Ngunit nang matauhan ang kanyang ulirat mula sa pagkabigla, ilang beses siyang napakurap. Hindi iyon nanggagaling sa labas kundi sa loob ng bahay.

Naglakad siya patungo sa pinto upang magulat lamang. Bago pa man niya napihit ang seradura, bumukas na iyon at iniluwa si Carmen. May suot pa itong hair net at naka-pajamas.

“Mabuti naman gising ka na. Nakalimutan kong sabihin sa ’yo kagabi na may oras ang paggising dito. Eksaktong alas seis ng umaga ay tumutunog ang alarm katulad ng narinig mo kanina lang,” seryosong pagbibigay-alam nito.

“O-opo, Tiya Carmen,” kandautal na sagot ni Alexa. Sa buong buhay niya, ngayon lamang siya natutong magsabi ng ’opo’. Pulos pabalang na sagot kasi ang nakasanayan ng dila niya.

“Pagkatapos mong maligo, sumunod ka sa akin sa

komedor. May ipagagawa ako sa 'yo pagkakain natin ng almusal." Pagkasabi niyon ay tumalikod na ito.

"S-sige po," aniya. Ang bait-bait talaga niya. Gusto niyang kurutin ang sarili sa pagiging ipokrita. Pakiramdam tuloy niya, isa siyang demonyita na nagpapanggap na santa.

Ipipinid na niya ang pinto nang muling lumingon ang tiyahin, tila may nakalimutang sabihin sa kanya.

"Siyanga pala, katatawag lang ni Kuya Ben. Hindi niya akalaing dito mo maiisipang tumuloy," anito.

"H-hindi po kasi ako nagpaalam kaya—"

"Alam ko. Kaya ngayon pa lang ay ipinapauna ko na sa 'yo na *hindi* ka prinsesa rito. Tutulong ka sa mga gawaing-bahay at ang pinakaayaw ko sa lahat ay iyong sinusuwat ang mga utos ko. Kaya kung gusto mong magtagal dito, umayon ka sa mga patakaran ko. Nagkakaintindihan ba tayo, Alexandra?" mahigpit na paalala nito.

Lalong bumagsik ang hitsura nito sa pagkakabanat ng pusod nito sa buhok na tinapatan ng salamin sa mata na makapal ang frame. Mabuti na lamang, maganda pa rin ang mukha nito dahil kung hindi, mapapagkamalan itong sienta años gayong wala pa ito sa edad na cincuenta.

“Gusto kong marinig ang sagot mo,” may inis sa tono na ulit nito nang hindi siya kaagad sumagot.

“Y-yes, Tita.” Nanginginig ang mga punong-buto sa mga tuhod ni Alexa nang sabihin iyon. Kahit gaano pala siya katapang, tumitiklop pa rin siya kapag ang tiyahin ang kaharap niya.

“Ayusin mo ang kama bago ka lumabas ng silid. Ayoko ng burara,” anito, sabay talikod na parang binibilang ang mga hakbang sa paglalakad.

Napaismid si Alexa habang sinusundan ng tingin ang masungit na tiyahin. Kung hindi lamang talaga hinihingi ng pagkakataon, hinding-hindi niya papayagan ang sariling mapadpad sa liblib na lugar na iyon.

Mataas na ang araw nang marating ni Alexa ang bukid kung saan siya inutusan ni Tiya Carmen na mamitas ng sampaguita. Kasama niya si Mang Ador, ang kaisa-isang taong pinagkakatiwalaan ng kanyang tiyahin sa lugar na iyon. Sa tantya niya ay matanda lamang ito nang kaunti sa kapatid ng kanyang ama.

May ilang magsasaka na silang dinatnan doon. Napansin niya kaagad ang mga suot ng mga ito. Kaya pala siya pinagsuot ng tiyahin ng salakot at kamisetang

mahaba ang manggas ay dahil magbababad sila sa araw na kahit minsan ay hindi niya pinangarap. Siya pa na masyadong maalaga sa kutis at katawan.

Tinanaw ni Alexa ang magkakatabing hilerang sampaguita shrubs. Napangiwi siya. Kahit maghapon sila roon, hindi nila mauubos ang bulaklak niyon na hitik na hitik sa kasalukuyan.

“Mang Ador, kailangan ba nating limasin ang lahat ng bulaklak hanggang doon sa dulo?” tanong niya. Hindi pa man niya nasisimulan, napapagod na siya.

Inangat nito nang bahagya ang salakot at tiningnan siya. “Aba, oo, Ineng. Araw-araw kong ginagawa ito kung panahon ng sampaguita. Kung hindi naman, mga gulay o di kaya’y mga halamang-gamot ang ipinapaani sa akin ni Carmen,” anito.

“Eh, sa totoo lang, hindi ako sanay sa ganitong klase ng gawain. Masisira ang balat ko rito,” reklamo niya.

Napangiti ang matanda. “Masasanay ka rin. Tatal, nagbabakasyon ka lang naman dito, hindi ba?”

Nagbuga siya ng hangin palabas sa bibig. Naalala niya si Juancho. Ano kaya ang nangyari sa pinag-usapan nito at ng kanyang ama? Malamang ay nag-

aapoy sa galit ang dating katipan. At bigla, mula kung saan, nakaramdam si Alexa ng takot. *Kinakabahan ka rin pala*, pilyang tudyong ng isip niya.

“P-paano ba iyan gagawin?” Kahit atubili, kailangan niyang matutunan iyon upang hindi siya kaagad mapatalsik sa bahay.

Ganado naman ang matandang lalaki habang tinuturuan siya. At ilang sandali pa, medyo gamay na niya ang pagpitas ng bulaklak.

“Pagdating natin sa bahay mamaya, tuturuan naman kitang gumawa ng kuwintas niyan. Gusto mo ba?” anito.

She twisted her mouth in one corner. “Sige.”

Nang mapagod, nakiusap siya kay Mang Ador na magpapahinga lamang sandali. Naupo siya sa natagpuang nakahambalang na putol na sanga ng mangga sa di-kalayuan. Pagkatapos ay naisipan niyang bumulong-bulong ng kanta habang pinapanood ang kasama na sa kabila ng edad nito, parang hindi nakakaramdam ng pagod.

Nang ibaling ni Alexa ang paningin sa kabilang bahagi ng bukid, namataan niya ang isang lalaki na nagsusuga ng kalabaw. Kahit halatang punumpuno na ito ng pawis dahil sa tindi ng init, kalmante pa rin

ito habang nakatutok sa ginagawa.

Hindi niya alam kung bakit sa rami ng tao roon, ang lalaking iyon ang nakatuwaan niyang pagmasdan. Hindi kaya dahil sa magandang pangangatawan nito na kitang-kita kahit may kalayuan ang kinaroroonan nito?

Nahigit ni Alexa ang paghinga nang mapatingin ito sa gawi niya, ramdam yata nito na may nagmamasid. At kahit hindi niya gaanong maaninaw ang mukha nito, may hinuha siyang magandang lalaki ito sa malapitan.

Ngunit bakit nagtitiyaga ito roon? Nakatapos ba ito ng kolehiyo? Malamang hindi.

Sayang, nasabi ng dalaga sa sarili.

Kung ang pisikal na katangian ng lalaki ang pag-uusapan, masasabing may pag-asa ito sa kanya kung sakaling ligawan siya nito. Iyon nga lamang, hindi pang-seryosohan. Dahil hindi ito ang tipo na maaari niyang ipagmalaki sa mga sosyal na kaibigan. Ayaw niyang mapahiya. Kung pang-pasttime lamang, puwede pa.

Pumilantik ang kanyang utak. *Bakit nga ba hindi?* Nang sa gayon, hindi siya maiinip sa napaka-boring na lugar na iyon.

Ngunit paano siya nito makikilala? Mukhang napakapormal nito. Parang walang nakikitang iba. Kaagad kasing binawi ng lalaki ang paningin sa kanya na parang isa lamang siyang karaniwang tanawin gayong batid niya kung gaano kalakas ang kanyang sex appeal sa kalalakihan. Imposible naman yatang hindi ito nagandahan sa kanya.

Problema ba iyon sa katulad mo, Alexa? buyo ng isip niya.

Nilapitan niya si Mang Ador na kasalukuyang nakaupo nang patingkayad sa kalagitnaan ng halamanan habang tila nalilibang sa pamimitas ng bulaklak.

“Mang Ador, sino ba ang lalaking iyon?” tanong niya.

Dahan-dahang tumayo ito at nilinga kung sino ang tinutukoy niya. “Sino ba sa kanila, Ineng?”

Gamit ang nguso ay itinuro niya ang lalaki. “Iyong matangkad na iyon, Mang Ador. Iyong naka-gray shirt.”

Matapos nitong titigan ang tinutukoy niya ay bumaling ito sa kanya. “Naku! Pasensya na, Ineng. Ilang araw ko pa lang nakikita ang binatang iyan. Hindi ko nga alam kung taga-rito siya,” sabi nito.

Sa isang iglap, bigla siyang nagkainteres sa taong iyon. At tila tumigil sa pagtibok ang kanyang puso habang pinagmamasdan niya ito. She couldn't determine but there was something exceptional about him. At iyon ang nais niyang malaman.

“Oy, Ineng, saan ka pupunta?” nagtataakang tanong ng matanda nang talikuran niya ito.

“Sandali lang ako, Mang Ador,” kaswal na sagot niya.

Napailing na lamang ito.

Mayamaya ay nasa likuran na si Alexa ng lalaking pinagtitripan. Kakatwa ngunit parang hindi pa rin siya napapansin nito, mukhang nasa ilalim ng lupa ang iniisip.

“Hi!” nakangiting bati niya, bagay na nagpalingon sa lalaki.

Kumabog ang dibdib niya nang masilayan ito sa malapit, ilang dipa lamang ang layo mula sa kanya.

Nasa mga mata man nito ang pagtataka, he was looking straight at her, making her at a loss for words. His bushy brows almost aligned with each other because of the tiny hairs in between and curved up the outer corners, bringing out a manly expression.

His jaw, which was slightly prominent, commanded seriousness and formality, making him difficult to read. Hindi ito katulad ng mga lalaking nasa ibabaw ng mundo niya na sa isang tingin lamang, alam na kaagad niyang interesado sa kanya. But this man, kahit batid niyang isang tipikal na probinsyano, seemed to break her confidence in an instant.

And the one thing she usually abhorred about men was having stubborn mustache. Ngunit tila biglang nagbago ang pananaw niyang iyon when she got to see his soft pastel-looking growing hairs above his lips, suggesting sensuality.

“May kailangan ka?” pormal na tanong ng estranghero.

Bahagyang nangunot ang noo ng dalaga.

Nagtataka siya dahil hindi siya nito pinapasadahan ng tingin, hindi katulad ng ibang lalaki na kung titigan siya ay para siyang hinuhubaran. Tanging sa mukha lamang niya nakatuon ang mga mata nito at naghihintay ng kanyang sasabihin.

Pasimple siyang napalunok. Isa lamang ang ibig sabihin niyon—hindi interesado ang lalaki sa kanya.

At dahil doon, parang gusto niyang magdalawang-isip. Ngunit nang matitigan niyang muli ang mga mata

nitong tila may kakambal na hipnotismo at ang mga labi nitong bahagyang nakaawang at sumisiwang mula roon ang magagandang ngipin, bumalik ang determinasyon niya.

“I’m Alexa.” Inilahad niya ang kamay sa lalaki. “Bago lang kasi ako rito kaya naisip kong makipagkaibigan.”

Inabot nito ang kamay niya at nang maglapat ang kanilang mga palad, biglang kumidlat ang kaloob-looban niya dahil sa kilig na pumapaimbulog sa kanya, kasunod ang pagkabog ng kanyang puso.

His image intrigued her. Kung ganito ang mga lalaki sa probinsya, hindi na niya nanaisin pang bumalik sa magulo at maingay na siyudad.

“Kurt,” sagot nito. “Nagtataka lang ako kung bakit sa dami ng tao rito, sa akin mo naisipang magpakilala.”

Medyo tumaas ang isang kilay ni Alexa. Naipon ang nguso niya sa isang sulok. Gusto na niyang tarayan ito. *Hmph! Guwapo sana pero antipatiko*, aniya sa sarili. “Uhm... er... mukha kasing tayo lang ang magkalapit ang edad sa mga narito,” palusot niya.

Bago sumang-ayon si Kurt, saglit siyang tinitigan

nito na parang inaalam mula sa mga mata niya kung iyon nga ang talagang dahilan.

“Mukhang hindi ka sanay na mabilad sa araw. Pulang-pula na ang balat mo,” seryosong komento ng lalaki.

“Huh?” Nahihiyang kinapkap ni Alexa ang mukha; nag-iinit nga iyon. Bagaman batid niyang hindi lamang dahil sa init ng araw iyon. Napamula iyon lalo ng lalaking kaharap niya.

“Taga-Maynila ka ba?”

Napakagat-labi siya nang maalala ang mga taong tinakasan dahil sa tanong nito.

Tumango siya. “Fairview.”

Hindi tumugon ang kausap. Sa halip ay tinapik nito sa bandang puwitan ang kalabaw upang balikan ang trabaho. At nang matalikod ito sa kanya, she snatched a quick glance at his broad shoulders. Kahit natatakpan ng suot na long-sleeved shirt na pansaka ang katawan nito, she could mirror his proportionally-layered muscles behind it.

Napabuntong-hininga tuloy siya dahil sa paghanga sa pisikal na katangian ng lalaki.

“Araw-araw ka bang narito?” tanong niya. Hindi

Sutil Na Pag-ibig - Tarra Buluran

niya maintindihan pero parang ayaw pa niyang maputol ang usapan nila.

Ngunit pahapyaw lamang siyang nilingon nito at ibinalik din kaagad ang atensyon sa ginagawa. Kung nagtitipid man ito ng salita, sana kahit tango ay hindi nito ipinagdamot sa kanya.

Bigla tuloy siyang nakaramdam ng inis sa lalaki dahil napahiya siya sa ginawa nito.

Playing hard-to-get, huh. Pasasaan ba't luluhod ka rin sa kariktan ko. Yabang! gusto sana niyang sabihin.

Pairap na tinalikuran ni Alexa ang papalayong lalaki.

Ngunit naalangan yata siya ng tapak dahil hindi niya inakalang mawawalan siya ng balanse. Napasigaw siya.

Huli na para makaiwas siya sa madulas na lupa na kinatutumpukan ng malaki at bilog na bilog na dumi ng kalabaw. Sa malas ay eksaktong doon tumama ang magandang mukha niya. Bull's eye!

3

Napalingon si Kurt sa pinanggalingan ng sigaw. Si Alexa iyon. Kaagad niyang binitiwang ang pang-araro at nilapitan ang bagong kakilala.

Naabutan niya itong nakasubsob sa iniwang grasya ng kalabaw niya. Sariwa pa iyon kaya talagang babaon doon ang mukha ng babae.

Inalalayan niya ito sa kili-kili at buong puwersang itinayo habang diring-diri naman ang dalaga sa nangyari.

Wala itong nagawa kundi ipunas ang mukha sa sariling suot kaya di-sinasadyang lumantad ang puson nito paitaas hanggang bra dahil bugso ng desperasyon.

Napalunok ang binata sa nakita. He would have smiled but her voluptuous cleavage made him stop, hurdling the oxygen in between his lungs. Kahit palisin ni Kurt sa isip kung gaano siya lihim na napahanga sa kagandahan ng dalaga, hindi niya maikakaila na napipilan siya pagkakita sa kurbada ng katawan nito.

“Halika nga.” Sa awa na rin ay hinila niya si

Alexa sa braso. Dinala niya ito sa bahagi ng bukid kung saan naroon ang isang maliit na pahingahan na binububungan ng pawid.

Iginiya niya ito sa kinalalagyan ng gripo sa gawing likuran at pagkatapos buksan iyon ay itinapat niya ang hose sa mukha nito upang mahugasan. Ngunit nagulat ito dahil sa lamig ng tubig na nagmumula roon.

“Ano ba, lulunurin mo ba ako?” Napapasinghap na ay nagawa pa nitong magtaray.

“Ang askad na ng amoy mo, gusto mo pa dahan-dahan,” aniya. Natawa siya sa anyo nito. Hindi niya akalaing magmumukhang basang sisiw ang babae na kanina lamang ay napakasopistikada kahit nakasuot ng salakot.

Umingos ito. “Nadapa na nga, pinagtatawanan mo pa ako! Yabang mo, ha!”

“Paanong hindi ako matatawa, doon ka pa sumubasob samantalang ang lawak-lawak nitong bukid,” nangingiting sabi niya.

Pinagsalubong nito ang mga kilay. “Nauyot ako, ‘no! Sino ba naman ang gugustuhing sumemplang sa dumi ng bastos na kalabaw mo!”

“Huwag mong sisihin ang kalabaw ko. Walang isip iyon, hindi katulad mo,” aniya.

Lalong nagkabuhul-buhol ang makakapal na kilay ng babae. “Aba, at ano ang ibig mong sabihin, engot ako?”

“Ikaw ang nagsabi niyan, hindi ako,” nang-iinis na saad ni Kurt.

Lalong nagngitngit ito. Gusto na nga yata siyang umbagin. Kaso, nang mapag-isip-isip siguro nito na siya lamang ang maaari nitong asahan nang mga sandaling iyon, unti-unti ay lumambot ang reaksyon ni Alexa.

“Pahiram ng sabon,” pagkuwan ay nakalabi na sabi nito.

Kinuha ni Kurt ang sabong mabango na nakaipit sa katawan ng puno ng kawayan at iniabot sa babae.

Nang kunin nito iyon mula sa kamay niya ay umirap pa ito. “Tumalikod ka. Magkukuskos ako ng... ng katawan,” anito. Mas angat ang pag-uutos sa tono nito kaysa nakikiusap.

Tumalima siya. “Bilisan mo. Marami pa akong gagawin. Naistorbo mo na ako nang husto,” balik niya.

Kahit hindi niya lingunin ang dalaga, batid niyang masama ang tingin nito sa kanya.

“Puwede ka nang lumingon. Tapos na ako. Salamat,” mayamaya ay untag ni Alexa nang matapos sa ginagawa.

“Linisin mong mabuti iyang sabon ko. Baka may maiwan diyan na... alam mo na. Gagamitin ko iyan mamaya.”

“Hmph, suplado! Akala mo kung sinong guwapo, probinsyano naman!” bubulong-bulong na sabi ni Alexa.

“Ano?”

“Wala!”

“Tiya Carmen, katatapos lang natin magdasal kanina, rosaryo naman ngayon? Baka lumagpas na tayo sa langit niyan,” komento ni Alexa. Unti-unti, nasasanay na siya sa bahay na iyon kaya hindi katakatakang lumalabas na rin ang pagiging mahadera niya.

Nilingon siya ni Carmen, aristokrato ang tingin nito sa kanya. “Magkaiba ang panalangin sa orasyon at sa rosaryo, Alexandra. Isa pa, makakabuti iyon sa ‘yo para mabawasan ang kasalanan mo dito sa lupa.”

Gustong magsara ng mga tainga niya sa sinabi nito.

Para namang napakaitim ng budhi ko kung magsalita ang tiyahin kong oldie na ito. Bakit, sa lahat ba ng tao dito sa mundo, ako lang ang may kasalanan? Baka nga mas malala pa iyong iba, manaka-nakang sabihin niya rito.

Ngunit nagtimpi siya, inipon na lamang niya ang mga iyon sa lalamunan.

“Siyanga pala, Tiya, may iuutos ka ba sa akin sa bukid bukas? Nakakainip kasi rito sa bahay,” kunwari ay sabi niya. Ngunit ang totoo, gusto niyang makita si Kurt.

Tinitigan siya nito na para bang sinusukat kung gaano karami ang alam niyang kagagahan sa utak.

“Wala. Pero may ipapagawa ako sa ’yo rito sa bahay,” sa halip ay sagot nito, tinunaw ang lahat ng kasabikan niya at napalitan ng panghihinayang na makitang muli ang binata.

Ipinilig niya ang ulo. Ako? Masasabik sa isang promdi? No way! Isa pa, antipatiko at suplado ang lalaking iyon!

“Alexandra,” pukaw ni Carmen, nag-aantanda na ito.

“H-huh?”

“Mag-umpisa na tayo. Mukhang nasa ibang dako ang isip mo. Masama iyan kapag nagdarasal.”

Wala siyang nagawa kundi sundin ang utos nito. Gayunpaman, pasilip-silip sa memorya niya ang kakisigan ng binata, kung ilang beses nitong pinakislot ang puso niya tuwing ipapako nito ang paningin sa kanya. Kaya maging sa pagtulog, si Kurt pa rin ang bida sa panaginip ni Alexa.

Kinabukasan, halos masaid ang lakas ni Alexa nang matapos niyang tulungan ang tiyahin sa paggawa ng langis ng niyog. Sumakit ang mga braso niya dahil sa walang-hinto na paghalo ng gata habang pinapakuluan sa malaking kawa, idagdag pa ang malalambot niyang kamay na ngayon ay tinubuan ng maraming kalyo. Ito pala ang sinabi ng tiyahin noong nakalipas na araw na ipapagawa sa kanya.

Hay, may sakit yatang ‘kuripotism’ ang tiyahin niya. Aba, sa halip na umupa ito ng tagahalo ay siya ang pinagtiyagaan nito dahil libre ang serbisyo niya. Ayon dito ay may kumukuha ng mga garapon ng langis kaya hindi na nito kailangang ilako iyon. At ang bayad ng kung sinumang iyon ang mahalaga rito.

Kung hindi lamang siya isang pugante sa pag-

ibig, hinding-hindi siya tutuntong sa bakuran nito. Daig pa nito si *Miss Tapia* sa kasungitan.

Alumpihit si Alexa habang nasa loob ng silid niya. Nang sulyapan niya ang digital clock sa cellphone niya, lalo siyang nakaramdam ng pagkainip. Alas dos y media ng hapon; iyon pa naman ang pinakaayaw niyang bahagi sa maghapon.

Sumilip siya sa bintana at tinanaw ang daan patungong bukid. Nangangati na talaga ang mga paa niya. Gusto niyang lumabas. Hindi kasi siya sanay na napipirmi nang matagal sa bahay. Lagi siyang may lakad at walang pinipiling oras. Kahit nga bumabagyo na, ganado pa rin siyang maglamyerda.

Nang pumitik ang utak niya, saglit niyang sinipat ang sarili sa salamin. Tiningnan niya kung maayos ang pagkakalagay niya ng pressed powder sa mukha at kung areglado ang ayos niya.

Sexy, palihim na puri niya sa sarili. Pagkatapos ay muli siyang dumukwang sa bintana, pinag-aaralan ang pagbaba roon. Dahil kung pupuslit siya ng alis sa normal na paraan, siguradong magigising ang kanyang tiyahin na kasalukuyang nagpapahinga nang mga sandaling iyon. Matalas pa naman ang pang-

amoy nito, parang sa aso.

Nakahinga lamang si Alexa nang maluwag nang tumapak sa kalsada. Wala rin kasi siyang ibang pagpipilian kundi akyatin ang mataas na tarangkahan. Mabuti na lamang, may pagkaunggoy siya at hindi isang matimtimang Pilipina.

Hindi nagtagal ay narating niya ang bukid. Ngunit napakunot-noo siya nang walang nadatnang mga tao roon.

Napakatahimik. Hindi niya maipaliwanag kung bakit sa halip na makaramdam ng mga negatibong bagay, kakaibang ginhawa ang yumapos sa pagkatao niya, bagay na hindi siya pamilyar ngunit banayad na humahaplos sa kanyang tigang na kaluluwa.

She never had a quiet time for herself as much as she wanted to be alone. Most of her life had been spent on immaturity and selfishness, worthless things that suddenly she was starting to despise.

Mayamaya ay niyakap niya ang sarili nang umihip ang malamig na hangin. Tiningala niya ang kalangitan, unti-unti nang umiitim at kumakapal ang ulap, nagbabadya ng malakas na ulan.

Ngunit sa halip na bagtasin ang daan pauwi, tinunton niya ang pahingahan sa kabilang dulo. She

could not explain but she felt she had to stay to feel the moment—the moment of tranquility and self-realization.

Hindi inakala ni Alexa na matatagpuan niya sa lugar na katulad niyon ang katahimikan na matagal nang hinahanap ng puso niya, in this place that she had been avoiding all her life. Hindi rin niya akalain na balang araw pagkatapos ng maraming taon ay matatagpuan niya ang sarili sa malayong lugar na ito upang takasan ang buhay na nakagisnan niya.

Naupo siya sa bukana niyon, sapat na upang hindi siya mabasa kapag bumagsak ang ulan.

Niyapos niya ang mga binti at pinagmasdan ang kabuuan ng bukid. The place was really at mind-blowing peace that the memories she had over the years began to flash before her, making her eyes red and humid that she wanted to cry hard.

And gradually she wanted to fill the empty space in her, put back the pieces together, and start a new life ahead.

Ngunit paano?

Pumatak ang luha ni Alexa. Nasa puso niya ang kagustuhang magbago, ngunit pakiramdam niya ay napakahirap gawin niyon. Kung anuman ang

nararamdaman niyang kakulangan sa buhay niya ngayon, she deserved it.

“Ano ang ginagawa mo rito?” tanong ng pamilyar na boses-lalaki mula sa likuran niya.

Si Kurt. Nayanig ang kanyang dibdib dahil sa tindi ng kalabog ng puso niya nang muling masilayan ang binata.

She wiped off her tears, trying to keep the pain closed in her veins.

Pinasigla ni Alexa ang boses. “Nandiyan ka lang pala! Kanina ka pa yata diyan, hindi mo man lang ako kinausap!”

“Bakit, may usapan ba tayo?” ganting sagot nito. Nakaupo pala ang lalaki sa kabilang dulo ng pahingahan na iyon, medyo nakalihis ang pagkakasandal ng katawan nito sa haligi niyon kaya hindi niya kaagad napansin.

Gusto na sana niyang magpakabait kaso para siyang nainsulto sa sinabi nito kaya nagtaray na rin siya. “Yabang mo, ha! Bakit, sa ’yo ba itong bukid at bawal akong pumunta rito?” nakairap na sabi niya.

Nagtaka si Alexa nang hindi ito sumagot, tila nahulog sa malalim na pag-iisip. At katulad ng

kalangitan, dumilim din ang anyo nito at sa tantya niya, wala na itong balak magsalita pa.

Masama ba iyong sinabi niya samantalang ito nga ang unang nagsuplado?

“Oy, magsalita ka naman!” buyo ni Alexa. “Sabi ng lola ko, ang mga taong sobrang tahimik daw ang madalas namamatanda. Ikaw rin, nasa bukid ka pa naman, malamang maraming tiyanak at duwende rito.”

Ngunit sa halip na patulan ang sinabi niya, tumayo si Kurt at umaktong aalis na.

“O, kitam, matatakutin ka pala, eh!” dugtong pa niya.

“Umuwi ka na. Baka abutan ka pa ng ulan dito. Ikaw rin, naglalabasan ang mga ahas kapag nababasa ang lupa.” Pagkasabi niyon ay tinalikuran na siya nito.

Iningusan niya ang lalaki. “Kunwari nananakot pa ito at naiinis sa akin, concerned naman,” pabulong na sabi niya.

“Hindi ako nagbibiro, Alexa!” Ikinaway pa nito ang kamay sa kanya nang hindi lumilingon. “Ga-braso ko ang laki ng mga sawa rito! Mag-iingat ka!”

“Yabang! Makasalubong ka sana ng tiyanak!”

yamot na sigaw niya sa papalayong lalaki.

Nang maiwan, iginalala niya ang paningin. Tumayo ang balahibo niya sa braso nang mabuo sa imahinasyon niya ang sinabi nito. Nakaramdam siya ng takot.

At dala ng nakakapanghilakbot na mga naiisip, dali-dali siyang tumayo at inihakbang ang mga paa. Ngunit nakakailang milimetro pa lamang siya ay bumuhos na ang malakas na ulan. Mukhang galit na galit ang mga patak niyon na lalong naghatid ng pangamba sa kanya, dahilan upang bumalik siya sa pinanggalingan.

Paano siya uuwi ngayon? Wala siyang bitbit na payong at malayu-layo rin ang bahay ni Tiya Carmen. Walang anu-ano ay nakaramdam siya ng pagsisisi.

Ang tigas kasi ng ulo mo, Alexandra. Ayan tuloy, na-stranded ka rito nang walang kalaban-laban, sumbat ng konsyensya niya.

Napabuntong-hininga siya nang ilang ulit. *Siguro napadaan lang ang ulan na iyan at mamaya lang, titila na,* pang-aalo niya sa sarili upang maibsan ang kanyang kaba.

Ngunit kalahating oras na siyang naroon, umuulan pa rin. Malamang ay nadiskubre na ng

Sutil Na Pag-ibig - Tarra Buluran

tiyahin ang pagpuslit niya sa bahay at siguradong galit na galit ito.

Ilang sandali pa, nagsimula na siyang makarinig ng iba-ibang huni ng hayop sa paligid, ang karamihan ay nakakapanindig-balahibo. Umusod siya papasok sa loob ng pahingahan at hinigpitan ang yakap sa sarili. Natatakot na talaga siya.

Nahigit ni Alexa ang paghinga nang mayamaya ay makarinig siya ng kaluskos na nanggagaling sa likuran, ramdam niyang gumagalaw ang puno ng kawayan. Sumagi sa isip niya ang higitang sawa na napanood noon sa pelikulang *Anaconda*. Lalong nanginig ang mga tuhod niya habang hinihintay ang pagsulpot niyon sa harapan niya. *God, please help me. I promise, magbabago na ako...*

4

Napakislot si Alexa sa gulat nang humalakhak ang inaakalang sawa.

“K-Kurt?”

“Akala ko ba, matapang ka? Ang lakas-lakas ng loob mong manakot, iyon pala ikaw ang duwag. Nagdala sana ako ng salamin para makita mo ang hitsura mo.” Hindi mapuknat ang tawa nito habang inaasar siya.

Nagsalubong ang mga kilay ng dalaga. Dagli siyang tumayo at pinagpapalo si Kurt sa braso.

“Hindi ko naman sinabing balikan mo ako, ah! Saka hindi ako natatakot, ‘no! Giniginaw lang ako kaya ako pumasok dito,” pagsisinungaling niya. Ang totoo ay baka hinimatay na siya kung hindi pa niya ito nakita.

“Kunwari ka pa. Wala nang kulay ang mukha mo, o,” panunukso nito habang pinapagpag ang basang katawan.

Bumalik siya sa puwesto at tumalungko roon. “Umalis ka na nga! Hindi ko kailangan ng kasama,”

nakangusong pagtataboy ni Alexa.

“At sino naman ang nagsabing kaya ako bumalik ay para samahan ka?” ganti nito. “Sobrang lakas ng ulan kaya dito na muna ako.”

Hinubad ni Kurt ang kamiseta at isinampay sa pasimano ng bintana ng pahingahan, dahilan upang lumantad ang matipunong katawan nito. Napalunok nang sunud-sunod ang dalaga. Sa katulad niyang moderna at lumaki sa siyudad, hindi na bago sa kanya ang makakita ng lalaki sa ganoong ayos.

Ngunit hindi niya alam kung ano ang mayroon sa kumag na ito na gumigising sa pagkababae niya. Bawat ugat yata niya ay napapakibot nito kahit wala itong ginagawa sa kanya. Paano pa kaya kung...?

Pinalis niya ang itinatakbo ng isip. Heto na naman siya, mukhang in love sa lalaking ito. Ngunit pagkalipas ng ilang araw, mawawala ang attraction niya rito na parang hangin na dumaan lamang.

“Saan ka ba nakatira rito? Hindi ka ba hinahanap sa inyo?” tanong ng binata pagkatapos maupo sa tapat niya. Lalo tuloy niyang nabistahang mabuti ang maskuladong pangangatawan nito.

Hindi niya napigilan ang mapabuntong-hininga. This man was giving her irregular heartbeats, at hindi

niya gusto iyon. Ang nais niya ay mabaliw sa kanya ang mga lalaki, ngunit tila kabaligtaran yata ang nangyayari ngayon. At ayaw niya iyon.

“Nagbabakasyon lang ako sa tiyahin ko. Carmen Claravall ang pangalan niya,” pag-iimporma niya.

“Carmen Claravall?” ulit ni Kurt, nakunot ang noo.

“Kilala mo siya?”

Tumango ang binata. “Taga-rito ako kaya imposibleng hindi ko siya kilala,” anito.

“Pero bakit sinabi ni Mang Ador, ilang araw ka pa lang niya nakikita rito?”

Napatitig ito sa kanya. “Itinanong mo ba ako sa kanya?”

Pinamulahan ng mukha si Alexa, napahiya siya sa tanong nito. Tumango siya.

Napangiti ito. “Bakit?”

“Anong bakit?” Napataas ang isang kilay niya.

Iniwas ni Kurt ang tingin, kunwari ay pinakiramdaman nito ang paligid kung umuulan pa. At nang magsalitang muli, inilihis nito ang usapan.

“Baka hindi lang ako napapansin ng sinasabi mong Mang Ador dahil laging maraming tao rito sa bukid at lahat ay seryoso sa trabaho,” anito.

Nagkibit siya ng isang balikat. “Siguro nga.”

“Wala ka bang trabaho sa Manila?” tanong nito.

“Trabaho?” ulit niya.

Ano nga ba ang isasagot niya rito? Nakatapos si Alexa ng kolehiyo. Totoo iyon. Dahil gusto ng ama niya na pagdating ng tamang panahon, siya ang magpatuloy na mangasiwa sa mga negosyo nila. Pero trabaho? Wala yata. Bakit nga ba wala?

“Uhm... ano kasi... kaga-graduate ko lang ng BSBA Management. “Tapos... ‘tapos ano... gusto ko munang magpahinga sandali kaya ako narito,” paputol-putol na sagot niya.

“Ang layo naman ng gusto mong pagbakasyunan. Malamang nami-miss ka na ng boyfriend mo,” komento nito, nakatitig lamang sa kanya na parang hinuhulaan kung ano ang isasagot niya.

Napakamot ng ulo ang dalaga. Sasabihin ba niya ang totoo rito? Kaso baka biglang mangilag ito sa kanya sa oras na malaman nito na kaya siya naroon sa malayong lugar na iyon ay dahil may tinakbuhan

siyang lalaki na pinangakuan niya ng kasal.

“W-wala akong boyfriend, ‘no!” Gusto niyang mabulunan sa sinabi.

“Bakit ayaw mo pang aminin na may boyfriend ka?” Hindi siya nito hinihiwalayan ng tingin.

“Wala nga!”

“Impossible.”

“Bakit naman imposible?”

“Wala kasi sa hitsura mo ang walang boyfriend.”

Nanulis ang nguso niya. “Bakit, mukha ba akong playgirl?” aniya.

“Maganda ka,” sabi ni Kurt.

Natigilan siya sa narinig, dahilan upang kumabog ang puso niya nang malakas—napakalakas na pakiramdam niya ay naririnig nito iyon.

“You’re blushing,” dugtong nito habang nangingiti.

Sinalo ni Alexa ng mga palad ang magkabilang pisngi. Gusto niyang sapukin ang pagmumukha ng kausap.

“Inuuto mo ba ako, ha?” nakasimangot na sita niya.

“Hindi ka ba naniniwalang maganda ka?”

“Noon pa! Kaya hindi ko na kailangang sagutin iyan,” napipikon na tugon niya, sabay irap dito.

Humalakhak ang lalaki. “Nakakatuwa ka, para kang bata,” komento nito, na hindi niya alam kung may halong sarkasmo o ginagawa lamang siyang katatawanan.

Sa inis ay bigla siyang tumayo.

“Makauwi na nga. Nagkakalokohan na tayo rito,” asik niya, dinungaw ang labas.

“Umuulan pa, ah. Baka magkasakit ka,” anito, sa tonong hindi niya sigurado kung pinipigilan siya.

“Ambon na lang iyan. Siguradong nanggigigil na sa galit ang tiyahin ko sa akin.”

“Gusto mo ihatid na kita?” pagkuwan ay tanong ni Kurt.

Napalingon siya sa binata. Iyon nga ang gusto ng puso niya. Ngunit nang maalala ang tiyahin, kaagad siyang nagbago ng isip.

“Hindi na. Salamat na lang. Umuwi ka na rin at baka abutan ka pa diyan ng mga anaconda.” Pagkasabi niyon ay sinuong na ni Alexa ang mahinang ulan.

Napangiti na lamang si Kurt habang sinusundan ng tingin ang papalayong dalaga.

Malalim na ang gabi ay hindi pa rin makatulog si Alexa. Ginagambala siya ng guwapong imahe ng binata sa isip niya. Kahit isubsob niya ang mukha sa malambot na unan ay wala pa ring epekto, lalo lamang lumalala. Kailangan na yata niya ng tulong ng sleeping pills.

Mabuti na lamang ay hindi siya sinalubong ng galit ni Carmen nang umuwi siya kanina, bagay na ipinagtataka niya. Mula pagkabata hanggang magdalaga siya ay kilala ito na disciplinarian sa buong angkan nila.

Gayunpaman, hindi talaga siya lubos na makapaniwala lalo na nang sabihan lamang siya nito na magpaalam kapag gusto niyang mamasyal at hindi iyong nanghuhula ito kung saan siya nagpunta.

Hiyang-hiya tuloy si Alexa sa ginawa niyang kabastusan sa sarili nitong pamamahay. Mag-ala-*Tarzan* ba naman siya gayong wala palang kahirap-hirap humingi ng permiso rito.

Napailing siya sa kagagahan niya. She was the same old Alexa na walang pinahahalagahan kundi

ang sarili.

She let out a taunting sigh, one that was deep and hurtful.

At sa muling pagpihit ng utak niya sa kabilang bahagi niyon, Kurt's rare handsomeness recurred in her imagination.

Kagyat niyang naisip, mukhang edukado ang binata at taliwas sa iniisip niya rito noong una. He knew how to bring up sensibility in their conversation. Dahil doon, hindi niya malaman kung ano ang dapat niyang isagot.

At kanina, kalahating oras na itong nakaalis bago siya binalikan sa bukid. Imposible namang nagbabad ito sa ulan nang ganoon katagal pagkatapos ay saka pa lamang nito napag-isipang manatili muna sa pahingahan.

Posible kayang nakarating na ito ng bahay at nang hindi nito matiis na iwan siyang mag-isa roon ay bumuwelta ito pabalik upang samahan siya?

You're assuming, Alexandra. Baka nagkataon lang iyon, sangga ng utak niya.

Hay, kahit ano pa iyon, isa lamang ang gusto niya; ang makita at makausap itong lagi.

Sutil Na Pag-ibig - Tarra Buluran

Hindi niya alam kung bakit. Ayaw naman niyang isipin na may namumuo na siyang pagtingin dito. Hindi nga ba't ang binata ang nais niyang mahumaling sa kanya in the first place?

Kapapaligo lamang ni Alexa nang tumunog ang cellphone niya. Pagkatapos niyang ibaba ang hairbrush sa ibabaw ng tokador, inabot niya ang telepono at tiningnan sa LCD niyon kung sino ang tumatawag.

Si Lani, ang kanyang best friend na katulad niyang lukaret at spoiled brat.

“Bruha, saan ka bang bundok nagtatago?” bungad nito, na para niyang nakikini-kinita ang bawat exaggerated na kumpas ng mga kamay nito habang kausap siya.

“Ayoko nga! Baka mamaya sabihin mo pa sa Juancho na iyon!” todo-tanggi niya.

“Gaga! Ano ako, engot na katulad mo?”

“O, bakit ka tumawag?” tanong niya.

“Masama bang mangumusta? Suplada!” sagot ni Lani.

“Okay na okay ako, ‘no! O, ano pa ba ang gusto mong marinig?”

“Wala na. Gusto ko lang naman ibalita sa ‘yo na nakasalubong ko si Juancho sa *SM Fairview*. Kasama niya iyong barkada niya, si Brando,” pagbibigay-alam nito.

Namilog ang mga mata ni Alexa nang marinig ang pangalan ng dating kasintahan. “O, ano ang sinabi niya? Hinahanap ba ako? Galit na galit ba?”

“Aba, siyempre hinahanap ka. Tinakbuhan mo lang naman iyong tao sa kasal ninyo. Pero galit? Parang hindi. Ah, ewan. Wala kasing emosyon iyon, eh. Mukha ngang apathetic noong nakita ko,” kuwento nito.

“Hay, salamat. Natanggap na rin niya siguro na talagang hindi kami para sa isa’t isa,” naginhawahan na sabi niya.

“Hanggang kailan mo ba balak mag-stay diyan? Kung saan man iyan. Sabihan mo lang agad ako kung Igorot ka na, ha?” buska ni Lani.

Paborito kasi nilang puntahan ang Baguio City. Doon sila malimit magbakasyon tuwing tag-araw. Bukod sa maraming kamag-anak doon ang kaibigan niya na maaari nilang tuluyan, mas gusto niya ang

climate doon kaysa sa Tagaytay.

“Wala ako sa Baguio, my dear. Medyo malapit-lapit ang location ko,” ani Alexa.

“Nasaan ka ba talaga?”

“Why don’t you find me?”

“Sira talaga’ng ulo mo, ‘no? Pati ba naman ako, pinagtataguan mo pa! Ay naku! Hindi na kita tatawagan mula ngayon. Bahala ka sa buhay mo.”

“Nagtampo pa ito! O sige na, sasabihin ko na kung nasaan ako, pero huwag na huwag mong masabi-sabi sa Juancho na iyan, kung hindi... mananagot ka talaga sa akin, Leilani!” babala ni Alexa.

“Okay, promise.”

“Nasa San Isidro ako, sa bahay ng tiyahin ko.”

“Ha?” di-makapaniwalang bulalas nito. “Sa Tiya Carmen mo? Eh, di ba allergic ka diyan? Bakit ka nandiyan?”

“Ano ka ba, nagtatago nga ako kay Juancho. Ang kulit mo.”

“Oo nga. Pero bakit diyan?”

“May iba pa ba? Wala naman akong alam na

ibang lugar na puwedeng pagtaguan,” katuwiran niya.

“Sus! Puwede ka naman sa bahay ng Tita Luz ko sa Baguio, ah!”

“Eh, nakakahiya naman sa kanila. Saka okay na si Tiya Carmen. Magkasundo na kami,” masayang balita niya.

“Ow? Kung gayon, hindi ka lang pala nakakita ng taguan. Nakakita ka rin ng milagro,” komento ng kaibigan.

“Nagtaka nga rin ako, eh. Pero mas mabuti na iyon kaysa naman nangingilag ako sa kanya, di ba?”

“Sabagay nga.”

“O, sige na. Magluluto pa ako ng kare-kare.”

Kahit hindi niya nakikita ang kaibigan, batid niyang napadilat ito dahil sa sinabi niya.

“Ano? Marunong ka nang magluto?”

“Oo. Tinuruan ako ni Tiya Carmen. O sige na, saka na tayo mag-usap uli, ha,” paalam ni Alexa.

“Okay. Pero umuwi ka na, ha? Mukhang bale-wala naman kay Juancho ang pagtakas mo,” udyok ni Lani.

Sutil Na Pag-ibig - Tarra Buluran

“Bahala na. I’ll see if I can make it sooner.”